TEOFILO E. SAUCO
*Patnugot*
EMILIO MAR. ANTONIO
*Pangalawang Patnugot*
Mga Kagawad:
CIRIO GALVEZ ALMARIO
CONRADO S. ACUÑA
EPITACIO REYES TAN
VICTORIO S. FRANCISCO
ANACLETO L. BUSTAMANTE
AMADO S. PAGSANJAN
AMELIA ARCEGA DE LA CRUZ
EMMA MARIA CRISTINA

Hiyas ng Tahanan



ANITA BURGOS
BB. BULAKLAK ng 1955

FRANCISCO G. GUBALLA
*Tagapamahalang Patnugot*
BEATRIZ M. de GUBALLA
*Tagapangasiwa*
CHERY GUBALLA-ATIENZA
*Pangalawang Tagapangasiwa*
ROSAURO M. GUBALLA
*Kasangguni*
CORAZON G. ESTRELLADO
*Pangalawang Kasangguni*
MARIO A. ATIENZA
*Tagapamahala sa Anunsiyo*
RAMON P. IGNACIO
*Sa Sirkulasyon*

ESPERANZA 1954



LUCY 1953



DOLORES 1951



REMEDIOS 1950



BABE 1949



ZENAIDA 1948



Tagapaglathala
BULAKLAK PUBLICATIONS
1002-1004 R. Hidalgo, Quiapo
P. O. Box 1382, Maynila
Tels. 3-36-13- at 3-36-14

Nakatalang pangalawang uri sa Kawanihan ng Koreo sapul noong Abril 14, 1947
Halaga ng Suskrisyon
Isang taon P1?.00
Anim na buwan P ?.0?
(Doble sa ibang bansa)



# HINAKDAL ni BALAGTAS...

Tila pangitaing sa aki'y dumalaw
ang makatang-haring Sisne ng Panginay;
siya ay lumapit sa aking himlayan
at ako ay kanyang masuyong pinukaw:
—Anak, aking anak, —ang wikang marahan,—
aba, bumangon ka't taas na ang Araw.

Huwag kang pahimbing, aba, gumising na,
pagka't naglulubha ang mahal mong Ina:
kapatid mo na ring walang kaluluwa,
ang sa Inang Wika ay dumurusta pa:
sa aking kinathang "Florante't Laura"
ang bawa't pangala'y tingnan mo't iniba.

Sukat bang ang aking Selyang kinakasi,
binigyan ng bagong palayaw na CELY....
yaong si Flerida'y nginalanang FLERY,
si Aladin nama'y tinawag na ALLY,
maging si Adolfo, gayong lilong Konde,
akalain ko bang taguriang DOLPHY?

Gayong ubod-tamis itong Wika natin,
sa wikang dayuha'y pinaaalipin;
maging ang aklat ko na sariling atin,
sa paaaralan ma'y bihirang gamitin;
kaya, aking anak, bangon na't gumising,
ang taksil sa Wika'y iyong pag-usigin.

—Sa gayong sinabi ng Makatang Hari,
ako ay nagbangong walang pasubali;
saka pagkatapos, ako ay naglimi,
ang hinakdal niya ay aking sinuri;
may matuwid siyang usiging palagi
ang sa Inang Wika ay umaaglahi.

Emma Maria Cristina




Taon XIII Miyerkules—Abril 11, 1956 Blg. 1

Ang pagkakaparis, kung-sakali, ng mga pangalan ng tao, buhay man o patay, sa mga pangalan ng alin mang tauhan sa mga akdang nalalathala sa BULAKLAK, ay isang pagkakataong hindi sinasadya ng kumatha. Anumang malathala sa bilang na ito ay pag-aari ng "Bulaklak Publications", at hindi maaaring muling ilathala ang bahagi o ang kabuuan ng alin man sa mga nobela, maikling nobela, maikling kuwento at kuwento o nobelang nakalarawan, gayundin ang pagsasapelikula o pagsasadula sa radyo o tanghalan sa mga iyon nang walang pahintulot ang "BULAKLAK PUBLICATIONS"—Patnugot.